Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA-DALAWAMPUNG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG MIYERKOLES, IKA-28 NG MAYO, 1997 SA BULWAGANG PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN.

Mga Dumalo:

1. Kgg. JOSE B. CATINDIG, Jr. - Pang. Punong-bayan Namuno
2. Kgg. ARTURO M. TIONGCO - Kagawad
3. Kgg. O. RAMON L. LIJAUCO - Kagawad
4. Kgg. RUFINO P. TAPANGCO - Kagawad
5. Kgg. PAULINO Y. CAMACLANG, Jr. - Kagawad
6. Kgg. LUISITO B. ALGABRE - Kagawad
7. Kgg. URBANO J. DIA - Kagawad
8. Kgg. FRANCISCO G. ALMIRA, Jr. - Kagawad, Pangulo ng Pambayang Pederasyon ng Sang. Kabataan

Mga Di-Dumalo:

1. Kgg. GIOVANNI T. BUSTAMANTE - Kagawad (O.B.-LLDA Meeting)
2. Kgg. RESTITUTO C. ALMODOVAR - Kagawad
3. Kgg. ROMEO P. AALA - Kagawad, Pangulo ng Samahan ng mga Punong-barangay

**********

**KAPASIYAHAN BLG. 88-'97**
(Sa mungkahi ni Kag. Dia na pinangalawahan ni Kag. Tapangco)

ANG KAPASIYAHAN NA NAG-AATAS SA TAGAPANGASIWA NG SAN LORENZO DEVELOPMENT CORPORATION NA ITIGIL ANG PAGPAPAUNLAD (DEVELOPMENT) NA KASALUKUYANG ISINASAGAWA SA LOTE BLG. 1938 (nasa ngalan ng COBASUISSE CO.) BAHAGI NG SAN LORENZO SOUTH SUBDIVISION, PHASE I-ANNEX.

SAPAGKA'T, napag-alaman ng kapulungan ng Sangguniang Bayan na pinauunlad ang Lote Blg. 1938, may kabuuang sukat ng lupain na 40,639 metrong parisukat ng San Lorenzo Development Corporation na ipinatala nila sa Tanggapan ng Pambayang Tagataya (Municipal Assessor's Office) bilang Phase I-Annex;

SAPAGKA'T, alinsunod sa talaan ng Pamahalaang Bayan lalong lalo na ang Sangguniang Bayan ay walang pinagtitibay na Development Permit para sa nabanggit na Lote;

SAPAGKA'T, malinaw na ang pagkakaloob ng Development Permit ay isa sa tungkuling napalipat sa Pamahalaang Bayan (developed function to the Local Government Unit) alinsunod sa itinatadhana ng Local Government Code of 1991;

SAPAGKA'T, malinaw din na ang isinasagawang pagpapa-unlad ay labag sa batas at mga alituntunin pinaiiral;

Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

**OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN**



KAYA'T, sa pamamagitan ng isang mungkahing pinangalawahan ay:

IPINASISIYA, tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASIYA ang pag-aatas sa Tagapangasiwa ng San Lorenzo Development Corporation na itigil ang pagpapaunlad (Development) na kasalukuyang isinasagawa sa Lote Blg. 1938 (nasa ngalan ng Cobasuisse Co.) bahagi ng San Lorenzo South Subdivision, Phase I-Annex.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

**ROBERTO R. GONZALES**
Punong-bayan

PATOTOO:

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay sipi mula sa katitikan ng Ika-20 Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Bayan ng Santa Rosa, Laguna noong Ika-28 ng Mayo, 1997.

**CYNTHIA M. GOMEZ**
Pambayang Kalihim